**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-16 NG PEBRERO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE................ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco................. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............... | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat............ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas................. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco.............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor............ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan..... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 030-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY PAGSAWITAN NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MI[illegible]ON DALAWANDAAN SIYAMNAPU'T TATLONG LIBO SIYAMNARAAN WALONG PISO AT TATLUMPU'T ISANG SENTIMOS (P1,293,908.31).

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay sa sangguniang ito ang taunang badyet ng Barangay Pagsawitan na nagkakahalaga ng P1,293,908.31 at ito ay naaayon at sumusunod sa mga patakaran ng pagbabadyet ng mga barangay;

**SAPAGKA'T**, matapos na ito ay masuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at mapatunayang hindi ito sumisinsay sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos ay ipinasya ng Lupon sa Pananalapi na irekomendang pagtibayin ito;

**SAPAGKA'T**, anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sang. Barangay Pagawitan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Celestino D. Pamatmat, Bernardo E. Ison, Heidi S. Ciriaco at sa buong pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** na pagtibayi ang taunang badyet (1998) ng Barangay Pagsawitan na nagkakahalaga ng P1,293,908.31.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

2/23/98

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY: ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan